

Estilo ng Pagkatuto at Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral na Magtatapos ng Senior High School Sa Distrito ng Sagbayan, Bohol

SHEILA H. REQUILLO 

Clemente Borja Memorial High School, San Isidro, Sagbayan, Bohol

Corresponding Author: sheila.hagutin@deped.gov.ph

ABSTRAK

Article History

Submission: April 22, 2024

Revised: June 14, 2024

Accepted: July 31, 2024

Publication: September 2024

Keywords— pagbasa, komprehensyon, akademiko, performans

Ang pag-aaral na ito ay sumasaliksik sa masalimuot na ugnayan sa pagitan ng edad, kasarian, antas ng pang-unawa, at pagganap sa akademiko ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng data mula sa 230 mga kalahok, natuklasan ang mahahalagang kaalaman. Habang ang edad ay hindi nagpapakita ng tuwirang ugnayan sa antas ng pang-unawa, ang kasarian ay lumutang bilang isang mahalagang

salik, kung saan ang mga babae ay nagpapakita ng kakaibang mas mataas na antas ng pang-unawa. Gayunpaman, walang makabuluhang ugnayan ang edad o kasarian sa pagganap sa akademiko. Isang nakababahalang takbo ang lumutang kung saan ang karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakakamit ang inaasahang antas ng pagganap sa akademiko, na nagpapahiwatig ng agarang pangangailangan para sa pagpapabuti. Natukoy ang iba't ibang mga salik na nakakaapekto sa pang-unawa at pagganap, tulad ng tradisyonal na mga mapagkukunan ng edukasyon at online na mga tool, kung saan ang online na mga tool ay lalong nagpapahirap sa parehong aspeto. Ang mga alalahanin na ito ay salamin ng pananaw ng mga guro, na nagpapahayag ng katulad na mga negatibong epekto. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng pag-aaral ang mahalagang papel ng pang-unawa sa pag-abot sa tagumpay sa akademiko at nag-aalok ng serye ng mga rekomendasyon. Kabilang dito ang pagpapatibay



© Sheila H. Requillo (2024). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: <https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/>

ng kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mga espesyalisadong estratehiya sa pagtuturo, pag-address sa pangangailangan para sa pagpapabuti sa pagganap sa akademiko, pagsusulong ng balanseng paggamit ng mga kagamitang pang-edukasyon, at pagsasaayos sa ugnayan sa pagitan ng antas ng pang-unawa at pagganap sa akademiko. Ang pagpapatupad ng mga rekomendasyon na ito ay nagpapangakong magpatibay sa larangan ng edukasyon at magbigay ng mahalagang suporta sa mga mag-aaral sa kanilang mga pagpupunyagi sa akademiko.

INTRODUKSYON

Ang pag-aaral ay isang proseso ng pag-unlad ng buhay ng tao. Sa pamamagitan ng pag-aaral, nakakaranas ang tao ng isang proseso ng pagbabago kung kaya't ang kanilang kaalaman, ugali, pang-unawa, at kasanayan ay nagbabago. Maaring lumikha ng isang dekalidad na proseso ng pag-aaral kung ang mga mag-aaral at guro ay aktibong nakikilahok dito. Ang mga mag-aaral at guro ay nag-iinteract sa isang aktibidad na tinatawag na pag-aaral na nagaganap sa proseso ng pag-aaral (Asrial et al., 2020).

Mahalaga ang kaalaman sa estilo ng pagkatuto dahil napapadali ang proseso ng pagkatuto. Gayundin naman, naintindihan na ang bawat indibidwal ay may iba't ibang estilo sa pagkatuto. At upang maitugma ng tagapagturo ang nararapat na estratehiya ng pagtuturo sa estilo ng pagkatuto. Ang kaalaman ng estilo ng pagkatuto ng bawat indibidwal ay nakatutulong upang malinang ang kahusayan sa pag-aaral. Kung kaya, ang mga kaalamang ito ay epektibo sa pag-aaral ng isang indibidwal. Maging bukas sa mga bagong ideya ang mga guro. Magkaroon ng pag-iisip na ang bawat indibidwal ay magkakaiba. Mas linangin ang kakayahan at huwag tumigil sa kung ano lamang ang kakayahan. Magsagawa ng mas intensibong pag-aaral, kaakibat nito ang paggamit ng mga umiiral na estilo o pamamaraan sa pag-aaral. Bawat indibidwal ay gumagamit ng iba't ibang estilo sa pagkalap ng impormasyon. Higit na ninananais ng iba ang makita at mahawakan ang nais pag-aralan at mayroon din namang nagnanais mapakinggan ang kanilang pinag-aralan.

Mahalagang paglaanan ng panahon na matukoy ang mga estilo ng pagtuturo ng mga guro na siyang magsisilbing puwersa sa aktibong pag-aaral sapagkat ito ang sukatan sa antas ng motibasyon ng bawat mag-aaral na dapat akma ang estilo na gagamitin ng mga guro upang mas lalong maintindihan ng mga mag-aaral ang isang paksang tatalakayin.

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng teorya at konseptwal na angkop sa paksa bilang gabay at pundasyon ng pag-aaral na ito. Pangunahing teoryang nakaangkla ang pag-aaral na ito ay ang VAK learning style theory ni Neil Fleming (Cherry, 2023). Ang teorya ng VAK na estilo ng pag-aaral ay isang modelo na nagpapahiwatig na may iba't ibang mga kagustuhan ang mga indibidwal sa kung paano sila pinakamahusay na kumukuha at pumroseso ng impormasyon. Ito ay tumutukoy sa Visual, Auditory, at Kinesthetic, na

kumakatawan sa tatlong pangunahing modality sa pamamagitan ng mga ito ang mga tao ay karaniwang natututo: visual (pagtingin), auditory (pakikinig), at kinesthetic (pisikal na kilos o pagkamalikhain). Narito ang pagbuo ng bawat estilo ng pag-aaral sa loob ng modelo ng VAK: (1) Mga Visual na mag-aaral: Ang mga visual na mag-aaral ay mas gusto ang pagproseso ng impormasyon sa pamamagitan ng mga visual aids tulad ng mga diagram, tsart, grap, video, at mga nakasulat na tagubilin. Karaniwan silang may malakas na kakayahan sa pag-alala ng impormasyon na ipinapakita sa isang visual na anyo; (2) Mga Auditory na mag-aaral: Ang mga auditory na mag-aaral ay natututo ng pinakamahusay sa pamamagitan ng pakikinig. Maaaring magkaroon sila ng benepisyong mula sa mga lecture, talakayan, audiobooks, podcasts, at verbal na tagubilin. Karaniwan silang may magandang memorya para sa pagsasalita ng impormasyon at maaaring magkaroon ng benepisyong mula sa pag-ulit ng impormasyon nang malakas; at (3) Mga Kinesthetic na mag-aaral: Ang mga kinesthetic na mag-aaral ay natututo ng pinakamahusay sa pamamagitan ng mga hands-on na karanasan at pisikal na mga aktibidad. Mas gusto nilang makisali sa materyal sa pamamagitan ng pagtama, pagkilos, at pakikipag-ugnayan. Karaniwan silang may benepisyong mula sa mga aktibidad tulad ng mga eksperimento, pagsasadula, pagbuo ng mga modelo, at iba pang mga interaktibong gawain.

Sa proseso ng pag-aaral, kailangan ng isang tao ng paraan na itinuturing na angkop o komportable sa kanyang nararanasan sa buong proseso ng pag-aaral. Ang kaginhawahan sa pag-aaral ay isang estilo ng pag-aaral na itinuturing na angkop ng mag-aaral. Ang estilo ng pag-aaral ay isang kombinasyon kung paano isinasapuso ng mga mag-aaral ang mga aralin at pagkatapos ay ipinoproseso upang maging isang bagong impormasyon (Abante et al., 2014).

Ang pahayag nina Abante ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsasanib ng proseso ng pag-aaral sa itinuturing na estilo ng isang indibidwal upang palakasin ang motibasyon. Sa pagtanggap at pagsasaayos sa iba't ibang estilo ng pag-aaral, maaaring lumikha ang guro ng isang kapaligiran kung saan ang mga mag-aaral ay nararamdaman ang kaginhawahan at kaisahan. Ang personalisadong paraan na ito ay nagpapataas ng interes, nagtutulak ng aktibong pakikilahok, at nag-aambag sa kahusayan ng pagproseso ng impormasyon. Kapag nakakaranas ng tagumpay at nakakabuo ng tiwala ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang estilo ng pag-aaral, ito'y may positibong epekto sa kanilang motibasyon, na ginagawang mas makabuluhan at masaya ang proseso ng pag-aaral.

Ang motibasyon ay isang kumplikadong bahagi ng sikolohiya at pag-uugai ng tao na nakakaimpluwensya kung paano pinipili ng mga indibidwal na gamitin ang kanilang oras upang tapusin ang isang bagay, kung ano ang kanilang iniisip at nararamdaman tungkol sa isang gawain, kung gaano karaming lakas ang kanilang ibibigay sa anumang gawain, at kung gaano katagal nila ipagpatuloy ang isang gawain. Hindi lingid sa kaalaman ng mga eksperto sa buong mundo, na may mga isyu patungkol sa pagpapanatili ng

motibasyon sa pagkatuto sa mga mag-aaral. Ang motibasyon sa pagkatuto ay bumababa sa pagtungtong sa sekondarya.

Ang left brain-right brain dominance theory ay nagpapahiwatig na ang dalawang hemisphere ng utak ay may magkaibang mga tungkulin, kung saan ang kaliwang hemisphere ay nauugnay sa analitikal na pag-iisip at pagproseso ng wika, habang ang kanang hemisphere ay kaugnay ng malikhain na pag-iisip at holistikong pagproseso. Ang teoryang ito, na may pinagmulan sa pananaliksik ni Roger Sperry (1960) sa split-brain, ay nagpapahiwatig na ang mga indibidwal ay maaaring magpakita ng dominanteng paboritong hemisphere, na nakakaapekto sa kanilang mga lakas sa kognitibong pag-iisip at estilo ng pag-aaral. Bagaman ito ay popular, ang kasalukuyang neuroscience ay nagpapakita na ang mga tungkulin ng utak ay mas distributado at magkakagaya, na kinabibilangan ng mga komplikadong interaksyon sa pagitan ng maraming bahagi ng utak. Bagaman may mga partikular na tungkulin na tulad ng pagproseso ng wika ay maipapasa sa mga tiyak na bahagi ng utak, ang kabuuan ng kognitibong proseso ay nagbibigay-diin sa pakikipagtulungan at integrasyon ng dalawang hemisphere. Samakatuwid, ang teorya ng dominanteng kaliwa at kanang utak ay nagbibigay ng isang balangkas para sa pag-unawa sa kognitibong pagkakaiba ngunit kailangang isaalang-alang kasama ang mga makabagong kaalaman sa pag-andar ng utak (Science Odyssey, 1998).

Ang mga mag-aaral na may mataas na pagkatuto at motibasyon ay malamang na makakamit ang mas magandang resulta sa kanilang pag-aaral dahil gagawin ng mga ito ang lahat ng makakaya para maunawaan ang paksa. Kaya't napakahalaga ng motibasyon sa pagtatagumpay ng pag-aaral ng isang mag-aaral. Ang bawat isa na gumagawa ng iba't ibang aktibidad sa pag-aaral ay siyempre, mayroong layunin sa likod nito. Ang motibasyon ang magiging epekto sa proseso ng pag-aaral at mga resulta ng pag-aaral na makakamtan nang direkta at hindi direkta (Dogan, 2015).

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang estilo sa pagkatuto at antas ng motibasyon ng mga mag-aaral lalong lalo na sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Senior High School, mapaunlad ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral, makapagbigay impormasyon tungkol sa mga estilo ng pag-aaral na ginagamit, makatulong sa problema ng mga mag-aaral, makatulong sa mga guro na ipaintindi ang leksyon ng mga mag-aaral at malaman ang kabisaan ng mga estilo sa pag-aaral na ginagamit sa kasalukuyan at antas ng motibasyon ng mga mag-aaral tungo sa akademik perormans.

Ang pag-aaral ay makatutulong sa pagpapaunlad ng mga pinaayos na pamamaraan ng pagtuturo sa Filipino sa pamamagitan ng pag-unawa sa iba't ibang paraan ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Makakatulong din ito sa pagpapalano ng mga nakakabighaning aralin na naglalaman ng digital na kagamitan, multimedia resources, at mga kultura upang mapabuti ang mga karanasan sa pag-aaral. Ang mga resulta ng pag-aaral ay maaaring magamit din sa pagpapaunlad ng mga guro sa Filipino, upang mapabuti ang kalidad ng

edukasyon sa Filipino sa Distrito ng Sagbayan.

Kahit maraming pag-aaral na nag-explore sa mga estilo ng pagkatuto at motibasyon sa mga konteksto ng edukasyon, mayroon pa ring kakulangan sa pag-unawa kung paano maapektuhan ng mga kultural at sosyo-ekonomikong mga salik. Ang mga umiiral na pag-aaral ay kadalasang nakatuon lamang sa mga estilo ng pagkatuto o motibasyon nang hiwalay, hindi pinagtutuunan ang mga potensyal na interaksyon at ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol nito sa paghubog ng akademikong resulta sa mga nagsisipagtapos na senior high school students, lalo na sa konteksto ng distrito ng Sagbayan sa Bohol.

Mahalaga ang pag-aaral nito upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral sa kanilang pag-aaral, matulungan ang mga guro na ipaunawa nang maayos ang mga leksyon sa bawat mag-aaral, maipahatid sa mga mag-aaral kung ano ang iba't ibang estilo sa pag-aaral na makatutulong upang mapaunlad ang kaalaman ng bawat mag-aaral at mapaunlad ang sariling kaisipan, kamalayan sa pag-aaral, at mapadali at mapabilis ang pagsagot sa mga katanungan mapapadali ang paglutas at paggawa ng mga iba pang gawain at maihahanda ng bawat indibidwal ang kanilang sarili para sa kinabukasan at maging handa sa buhay.

METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ginamit ang mix method na Sequential Explanatory Design para sa magkaugnay na kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ang disenyo ng pananaliksik na kwantitatibo magbibigay-daan sa sistemang pagkolekta ng numerikong datos. Ang pamamaraang ito ay nagbibigay daan sa mananaliksik na sukatin at suriin ang ugnayan ng iba't ibang estilo ng pagkatuto at antas ng motibasyon pamamagitan ng estadistikang paraan. Ang mga kwantitatibong pagsusuri ay maaaring makatulong sa mga guro at tagapagpaganap ng patakaran sa edukasyon upang maipatok ang epektibong paraan ng pagtuturo at mga sistema ng suporta para sa mga mag-aaral batay sa mga masukat na padrino at kaugnayan.

Samantala, ang disenyo ng pananaliksik na kwalitatibo ay mahalaga sa pagsusuri sa pamamagitan ng mga paraang tulad ng panayam, obserbasyon, at pagsusuri ng teksto, ang kwalitatibong pananaliksik ay maaring magdala ng kasaysayan at konteksto ng mga karanasan at motibasyon ng mga mag-aaral. Ang approach na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang perspektiba, bumubunyang ng padrino, kahulugan, at tema na maaaring hindi napapansin ng mga kwantitatibong paraan, sa huli, nag-aambag ito sa isang mas malawak at mas matalim na pag-unawa ng paksa.

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Distrito ng Sagbayan, sa taong panuruan 2023-2024 na sa kasalukuyan ay may kabuuang populasyon na 634 na mag-aaral ng Senior High School. Ito ay may anim na paaralang pampubliko sa Sekondarya. Ang nasabing distrito ay sakop sa Dibisyon ng Probinsya ng Bohol. Dito isinasagawa ang pananaliksik dahil ang mananaliksik

ay kasalukuyang nagtuturo sa distrito ng Sagbayan at nais ng mananaliksik na maisasakatuparan ang kanyang ginawang pag-aaral sa distrito na kanyang kinabibilangan.

Ang pananaliksik na ito ay kinalahukan ng anim na raang (600) na tagatugon. Sa pag-aaral na ito ay ginamit ang random sampling upang pumili ng isang bahagi ng mga indibidwal o item mula sa isang mas malaking populasyon. Sa random sampling, bawat miyembro ng populasyon ay may pantay na pagkakataon na mapili, at ang pagpili ay ginagawa nang walang anumang bias o itinakdang pattern. Layunin ng teknik na ito na siguruhing ang sample ay representatibo ng populasyon, na nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na mag-generalize ng mga natuklasan mula sa sample sa buong populasyon nang may tiwala.

Ang mga mag-aaral na magtatapos sa Senior High School sa Distrito ng Sagbayan ang napili bilang kalahok ng pananaliksik sa kadahilanang malaki ang bilang ng populasyon ng naturang distrito at ng baitang. Napili rin na gawin ang pag-aaral sa distritong ito dahil sa kagustuhan ng mga mananaliksik na masolusyunan ang rumaraming bilang ng mga mag-aaral na nawawalan ng motibasyon sa pag-aaral. Ang mga mag-aaral na kalahok ang siyang tutugon para sa kwantitabong pamamaraan ng pag-aaral.

Sa pag-sampling, gumamit ang pananaliksik na ito ng formula ni Cochran upang matukoy ang kinakailangang sukat ng sample para sa pag-aaral. Sa mga parameter na itinakda sa 5% margin of error at 95% level of confidence, nagbigay ng tamang sukat ng sample ang formula upang makamit ang tiwala na mga tantiya. Ang pamamaraang ito ay nagtiyak na ang sukat ng kanilang sample ay sapat upang magbigay ng makabuluhang mga resulta na may mataas na antas ng kumpiyansa.

Sa pananaliksik, isinama ang mga kalahok na partikular na mga mag-aaral ng Grade 12 senior high school na kasalukuyang nakatala sa isang asignaturang Filipino. Ang mga kriteryong ito ay nagpapatiyak na nakatuon ang pag-aaral sa mga indibidwal na nasa huling yugto ng kanilang mataas na paaralan at aktibong nakikilahok sa pag-aaral ng wika at panitikan ng Filipino.

Gayunpaman, hindi isinama ang mga mag-aaral na hindi tumutugma sa mga kriteryong ito, tulad ng mga nasa iba't ibang antas ng grade o hindi naka-enrol sa senior high school, pati na rin ang mga hindi kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino. Bukod dito, hindi rin isasama ang mga mag-aaral na nag-withdraw mula sa asignaturang Filipino sa panahon ng pananaliksik at ang mga may malalim na pangangailangan sa edukasyong espesyal na maaaring makaapekto sa kanilang pakikilahok sa isang karaniwang kurikulum ng asignaturang Filipino. Ang mga kriteryong ito ng pagpapalabas ay naglalayong tiyakin ang homogeneity ng grupo ng mga kalahok at ang kaugnayan ng aming mga natuklasan sa partikular na konteksto ng edukasyon sa Grade 12 Filipino.

Ang mga tutugon sa kwalitatibong pamamaraan sa pananaliksik na ito ay ang mga guro na may tahasang ugnayan sa mga mag-aaral. Ginamit

naman ang purposive sampling sa pagpili sa labindalawang (12) key informant upang mas maging balido ang mga inaasahang tugon. Piniling kunin ang subhektibong tugon ng mga guro bilang karagdagang suporta sa numerikal na datos na na resulta ng tugon ng mga mag-aaral.

Isinama sa pananaliksik ang mga guro na tumutugma sa partikular na kwalipikasyon. Ang mga kalahok ay dapat na mga nakapagtapos ng kurso ng edukasyon medyor sa Filipino. Bukod dito, dapat silang mayroong hindi kukulangin sa tatlong taon ng karanasan sa pagtuturo at aktibong nakilahok sa mga seminar o workshop na may kinalaman sa larangan ng edukasyon o sa wika at panitikan ng Filipino.

Ang pananaliksik na ito gagamitan ng tatlong talatanungan. Una ay ang talatanungan na tutukoy sa kung ano ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay nahahati sa tatlong bahagi – estilong visual, auditory, at kinesthetic. Ang kagamitang ito ay isinapubliko ni O'Brien (2005). Ang proseso at pagtatasa ng talatanungang ito ay ipinaliwanag sa nabanggit na apendiks. Ikalawang talatanungan na gagamitin ay upang matukoy ang antas ng moyibasyon ng mga mag-aaral. Ang talatanungang ito nahahati sa kasiyahan sa sarili, estratehiya sa pagkatuto, halaga ng pag-aaral, layunin ng pagganap, layunin ng pagkamit, at pagpapasigla ng kapaligiran sa pag-aaral. Ang pangatlong talatanungan ay para sa mga guro. Tutukuyin ng talatanungang ito ang mga personal na karanasan ng mga guro hinggil sa pagtuturo at pagkatuto, mga kalakasan at kahinaang namataan sa mga nasabing karanasan na nagbibigay-diin sa estilo ng pagkatuto at motibasyon.

Ang mananaliksik ang mismong kumalap ng mga impormasyon upang lubos na maunawaan ang mga saklaw at mga posibilidad sa pag-aaral upang matiyak ang kalidad ng ipipresentang datos. Ginamit nito ang talahanayan sa pagkolekta ng mga datos upang mas mapadali sa mananaliksik maging sa mga tagasagot.

Ang talahanayan ay ipinasa at ipinasuri sa tagapayo para sa pagwawasto at pagpapaunlad ng mga katanungan. Pagkatapos mairebisa ang talatanungan ay ipinasuri ito ng mananaliksik sa kanyang kasamang gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino upang matiyak kung mabisa at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga tanong at pahayag sa talatanungan. Ang mananaliksik ay nagsasagawa ng maikling oryentasyon sa mga mag-aaral at siniguro ang pagiging kompidensyal ng mga nakalap na datos bago ang pamamahagi ng talatanungan upang mas makapagpahayag ang mga sasagot ng tanong. Sa buwang ng Marso, 2024 ipamimigay ng mananaliksik ang mga talatanungan para sa kanyang mga respondente.

RESULTA AT TALAKAYAN

Propayl ng mga Respondente

Ang kasarian, makikitang mas malaki ang bilang ng mga babaeng respondente na may dalas na 133 at 53.4% sa kabuuang populasyon. Samantala,

ang mga lalakeng respondente naman ay may 116 na bilang at may bahagdan na 46.6 % sa kabuuang bilang ng populasyon. Hindi maipagkaakila na mas marami pa rin ang mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan. Sa edad naman ay nangunguna ang 18 taong gulang na mga respondente sa dami na may 218 na bilang at 87.6% sa populasyon. Ang 21 taong gulang naman ang nakakuha ng pinakamababang bilang na may 3 bilang at 1.2% sa populasyon. Sa strand naman ay malaki ang bilang ng mga mag-aaral na nagmumula sa GA o General Academics na may bilang na 71 at 28.5% na bumubuo sa populasyon. Samantala nakakuha ng pinakamababang ranggo ang TVL o Technology and Livelihood na may 35 bilang at 14.1% sa kabuuang populasyon.

Preperensya ng mga Mag-aaral sa Estilo ng Pagkatuto

Napag-alaman na mas marami ang epektibong natututo sa biswal na pamamaraan na may bilang na 204 at 81.9% sa kabuuang populasyon. Samantala, nakakuha ng pinakamababang bilang ang estilo ng kinestetik na may 16 bilang at 6.4% sa kabuuang populasyon ng mga respondente.

Antas ng Motibasyon sa Pagkatuto

Sa kakayahan sa sarili ay nangibabaw ang aytem bilang 5, “Kapag ang mga gawain sa Asignaturang pang Akademiko ay napakahirap, sumusuko nalang ako o kaya ay ginagawa ko lamang ang mga madadaling bahagi” na may mean na 3.976 na may deskripsyong “Lubos na sumasang-ayon”, samantala, ang bilang 6 “Sa panahon ng mga gawain sa aralin, mas ginugusto kong magtanong na lamang sa ibang tao kung ano ang sagot kaysa sa isipin ko sa sarili kung anong sagot niyon” ang nakakuha ng pinakamababang mean na 1.036 na “hindi sumasang-ayon”. Kasunod na bahagi ay ang estratehiya sa pagkatuto na kung saan nangibabaw ang bilang 5 at 6 “Sa oras ng proseso ng pagkatuto, tinatangka kong gumawa ng kaugnayan sa pagitan ng mga konseptong natutunan ko,” at “Kapag nagkakamali ako, sinusubukan kong tuklasin kung bakit.” Ang dalawang bilang pawang nakakuha ng 3.988 na mean na may deskripsyong “lubos na sumasang-ayon“. Sa kabilang banda, ang bilang 3 “Kapag hindi ko maintindihan ang isang konsepto sa aralin, naghahanap ako ng mapagkukunang aralin na may kaugnay dito” ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.920 na may deskripsyong “Lubos na sumangsang-ayon“. Sumunod ay ang halaga ng pag-aaral na kung saan nangibabaw ang bilang 5 “Mahalagang magkaroon ng isang pagkakataon, upang bigyan ng kasiyahan ang aking sariling kutyusidad kapag nag-aaral,” na may mean na 3.992 na may deskripsyon na “Lubos na sumangsang-ayon”. Samantala, ang bilang 1 at 2 “Sa tingin ko, na ang pag-aaral ay mahalaga dahil maaari kong gamitin ito sa aking pang araw-araw na pamumuhay” at “Sa tingin ko, na ang pag-aaral ay mahalaga dahil pinapasigla nito ang aking pag-iisip,” ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.980 na may deskripsyon na “Lubos na sumangsang-ayon”. Kasunod ay ang layunin sa pagganap na kung saan ay nangibabaw ang bilang 1 “Lumalahok ako sa mga pag-aaral ng

pang Akademikong Asignatura upang makakuha ako ng mataas na marka” na may mean na 3.992 na may deskripsyong “Lubos na sumangsang-ayon“. Ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.835 ang bilang 4 “Lumalahok ako sa mga pag-aaral ng pang Akademikong Asignatura upang mabigyang pansin ako ng aking guro” na may deskripsyong “Lubos na sumangsang-ayon“. Ang bahagi ng layunin sa pagkamit ay nakakuha ng pinakamataas na mean sa bilang 1 at 2 “Habang sa oras ng pang Akademikong Asignatura, nakakaramdam ako ng kasiyahan kapag nakakuha ako ng mataas na marka sa pagsagot sa isang talatanungan” at “Tuwang-tuwa ako kapag nakadarama ako ng tiwala sa sarili na alam ko ang nilalaman ng isang aralin” na may mean na 3.912 na may deskripsyong “Lubos na sumangsang-ayon”. Samantala, ang bilang 4 “Sa talakayan, nakakaramdam ako ng kasiyahan kapag tinatanggap ng iba pang mga mag-aaral ang aking mga ideya” ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.884 na may deskripsyong “Lubos na sumangsang-ayon”. Kasunod ay ang pagpapasigla ng kapaligiran sa pag-aaral na kung saan ang bilang 4 “Maluwag sa kalooban ko ang lumahok sa pag-aaral dahil nabibigyang pansin ako ng aking guro” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.960 na may deskripsyong “lubos na sumangsang-ayon”. Samantala, ang pinakamababang mean na 3.871 ay mula sa bilang 1 “Maluwag sa kalooban ko ang lumahok sa pag-aaral ng pang Akademikong Asignatura dahil ang nilalaman ay kapapanabik at nababago,” na may deskripsyong “lubos na sumangsang-ayon”. Ang aspekto na may pinakamataas na mean ay ang halaga sa pag-aaral na 3.984. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pag-aaral anuman ang kondisyong pisikal at estratehiya at ibang aspekto ng pagkatuto ang nagkulang. Ang kabuuang composite mean sa antas ng motibasyon ay 3.865 na nangangahulugang labis na naganyak ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Ugnayan sa pagitan ng Propayl at Preperensya ng mga Mag-aaral sa Estilo ng Pagkatuto

Ang Kasarian at Edad ay walang mahalagang kaugnayan sa preperensya sa preperensya sa estilo ng pagkatuto. Ang Strand ay may malaking kaugnayan sa paboritong estilo ng pag-aaral.

Ugnayan sa pagitan ng Propayl at Antas ng Motibasyon

Walang makabuluhang ugnayan na estadistikang mga resulta sa pagitan ng propayl ng mga respondente at antas ng motibasyon kahit na ang lahat ng mga respondente ay nasa parehong antas ng motibasyon.

Ugnayan sa pagitan ng Estilo ng Pagkatuto at Antas ng Motibasyon

Walang makabuluhang ugnayang estadistikang mga resulta sa pagitan ng preperensya ng estilo ng pagkatuto at antas ng motibasyon sa kabila ng datos na ang lahat ng respondente ay nasa parehong antas ng motibasyon.

Pananaw Ng Mga Guro Hinggil Sa Estilo Ng Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral At Mga Hamon Sa Pagtuturo

Natukoy ang mga sumusunod na tugon ng mga kinapanayam hinggil sa mga karanasan at suliraning kinaharap ng mga respondente sa pagtuturo batay sa paksang tinatampok. Sa paglalarawan sa estilo ng mag-aaral, sinsabing mas natatandaan ng mga ito kung ano ang nakikita nila kaysa sa kung ano ang naririnig nila. Sa estratehiyang aakma sa estilo ng pag-aaral, nabanggit na, mas na iingganyo ang mga magaaral na matuto kapag sama-samang gawin ang isang gawain. Sa kongkretong halimbawa para sa estratehiya ay madalas gumamit ng pagganyak sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga kagamitang panturo at magbigay ng mga halimbawang may katotohanan sa tolong buhay ang mga respondente. Sa papel ng motibasyon sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, malaki ang papel ng motibasyon sa akademikong tagumpay dahil dito ang guro ang siyang magsisilbing puwersa sa aktibong pag-aral kaya hamon ng isang guro ang akmang mga estilo sa pagtuturo. Sa pagtutukoy at pagbibigay ng pangangailangan sa preperensya sa pag-aaral ay pinili ng mga respondente na magkaroon ng survey upang matukoy kung saang aspekto sila mahina. Sa aktibidad o paraan na natutunan na tampok sa mga mag-aaral ay pagsasadula ang mas gusto ng mga mag-aaral na gawain. Sa hamon na kinakaharap sa pagpapalaganap ng aktibong partisipasyon at motibasyon ay malaking hamon sa mga guro sa pagpapalaganap ng motibasyon ay ang mga mag-aaral na hindi makapukos sa pakikinig habang nagkaroon ng talakayan dahil sa sobrang pagkahumaling sa cellphone. Sa opinyon tungkol sa epekto ng panlabas na aspekto sa motibasyon ng mag-aaral ay nakakaapekto ang panlabas na aspekto sa motibasyon ng mag-aaral isang halimbawa nito ang kakulangan sa pinasyal, maaring ang bata mawalan ng gana mag-aaral dahil sa kahirapan. Tungkol naman sa mga positibong karanasan hinggil sa pamamaraan ng pagtuturo bilang tugon sa estilo at motibasyon ng mga mag-aaral ay mainam pakinggan ang mga mag-aaral na bumabalik sa kanilang guro at nagpapasalamat sa mga naituro nito. Para sa mga guro ay isang malaking tagumpay ang ganitong mga tagpo. Sa pagtutulungan ng mga guro at lipunan para sa positibong karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay nararapat na magsisiyasat ng mga bagong estratihiya sa pagtuturo upang may maibahagi sa mga kawa guro at kung mayroon mang problema na nararanasan sa mga mag-aaral makipagtulungan at sumangguni sa lapwa guro kung paano ito masolusyunan.

KONGKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, ipinapakita na may bahagyang mas mataas na bilang ng mga babaeng respondente, ngunit hindi ito gaanong nakakaapekto sa mga estilo ng pagkatuto. Marami sa mga mag-aaral ang mas epektibong nag-aaral gamit ang mga visual na pamamaraan, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas maraming teknik sa visual na pagkatuto.

Nakita rin na may mga mag-aaral na mas madaling sumuko sa mga mahirap na bahagi ng akademikong gawain at mas pinipiling humingi ng tulong kaysa mag-isa maghanap ng solusyon, bagama't ipinapakita nila ang mataas na pagpapahalaga sa edukasyon at ang kahandaan na makilahok sa mga gawain. Ang kasarian at edad ay hindi gaanong nakakaapekto sa mga estilo ng pagkatuto, ngunit ang akademikong strand ay may malaking epekto. Wala namang nakitang ugnayan sa pagitan ng antas ng motibasyon at estilo ng pagkatuto, na maaaring dulot ng personal na karanasan at iba pang salik na hindi nasaklaw ng pag-aaral.

REKOMENDASYON

Batay sa mga kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang patuloy na pagsusuri sa mga salik na nagdudulot ng pagkakaiba sa kasarian ng mga respondente, upang itaguyod ang pantay na oportunidad sa edukasyon. Dapat ding isama ang mas maraming visual na pamamaraan sa kurikulum at mga paraan ng pagtuturo upang mapabuti ang karanasan ng mga mag-aaral na mas nakakabuti sa visual na pagkatuto. Mahalaga ring ipatupad ang mga estratehiya na nagpapalakas ng pagtitiwala sa sarili ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga hakbang upang hikayatin silang humingi ng tulong kung kinakailangan. Dapat ring rebisahin ng mga institusyon ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, inirerekomenda ang paggawa ng masusing pag-aaral sa mga salik na nakakaapekto sa mga estilo ng pagkatuto at motibasyon ng mag-aaral upang makabuo ng mga pasadyang estratehiya at interbensyon na makikinabang ang mga mag-aaral sa kanilang akademikong tagumpay.

SANGGUNANG BANGGIT

Abante, M. E. R., Almendral, B. C., Manansala, J. R. E., & Mañibo, J. (2014).

Learning styles and factors affecting the learning of general engineering students. *International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development*, 3(1), 16-27.

Asrial, A., Syahrial, S., Kurniawan, D. A., & Anandari, Q. S. (2020).

Digitalization of Ethno Constructivism Based Module for Elementary School Students. *Jurnal Ilmu Pendidikan*, 25(1), 33-42.

A Science Odyssey: People and Discoveries: Roger Sperry. (n.d.). <https://www.pbs.org/wgbh/aso/databank/entries/bhsper.html>

Cherry, K. (2023, February 28). Overview of VAK learning styles. Verywell Mind. <https://www.verywellmind.com/vark-learning-styles-2795156>

Dogan, U. (2015). Student engagement, academic self-efficacy, and academic motivation as predictors of academic performance. *The Anthropologist*, 20(3), 553-561.